

# LISTOS CALIFORNIA

## MGA TIP SA PAGHAHANDA PARA SA EMERHENSIYA



### MANATILING LIGTAS SA PAGKAWALA NG KURYENTE

Ang pagpapalano nang maaga para sa mga pagkawala ng kuryente ang pinakamahusay na paraan upang matiyak ang kaligtasan ng lahat hanggang sa bumalik ang kuryente. Maging handa at magkaroon ng kaalaman para panatiliing ligtas ang iyong sarili at ang mga taong iyong pinapahalagahan.

#### Bago ang Pagkawala ng Kuryente



- Mag-sign up para sa mga alerto sa pamamagitan ng iyong kumpanya ng kuryente upang maabisuhan ka tungkol sa mga pagkawala ng kuryente.
- Kung gumagamit ka ng mga de-kuryenteng medikal at pantulong na aparato, tiyaking magpatala sa isang medikal na baseline na programa upang matiyak na makakatanggap ka ng abiso ng mga paparating o kasalukuyang kaganapan ng pagkawala ng kuryente.
- Alamin ang tungkol sa kung paano ka makakatulong sa pamamagitan ng pag-sign up para sa Flex Alerts. Bisitahin ang [flexalert.org](http://flexalert.org).
- Kung gumagamit ka ng mga de-kuryenteng medikal at pantulong na aparato, gumawa ng personal na plano sa sakuna kasama ang pamilya at mga tagapag-alaga para sa kung paano matutugunan ang iyong mga pangangailangan sa panahon ng pagkawala ng kuryente.
- Panatiliing ganap na naka-charge ang mga telepono at backup na baterya.
- Magkaroon ng magagamit na radyong pinapagana ng baterya para sa balita.
- Maghanda ng mga freezer pack, yelo, at palamigan para panatiliing malamig ang pagkain at gamot.
- Kung mayroon kang de-kuryenteng pintuan ng garahe, alamin kung paano gamitin ang manwal na release lever.
- Alamin kung nasaan ang iyong mga circuit breaker at fuse box at kung paano suriin ang mga ito.
- Isulat ang mga numero ng telepono kung sakaling magkaroon ng emerhensiya.



#### Sa Panahon ng Pagkawala ng Kuryente



- Iulat ang mga naputol na linya ng kuryente sa 9-1-1 at sa iyong kumpanya ng utility. Ilayo ang mga tao at alagang hayop. Huwag magmaneho sa mga natumbang linya ng kuryente.
- I-off ang lahat ng naka-on bago ang pagkawala ng kuryente. Mag-iwan ng isang ilaw na makikita mo kapag bumalik ang kuryente.
- Bunutin sa saksakan ang sensitibong elektronikong kagamitan kung wala kang surge protector.
- Huwag gumamit ng gas stove o oven para painitin ang bahay mo. Huwag gumamit ng grill sa loob para sa pagluluto ng pagkain.
- Panatiliing nakasara ang mga freezer at refrigerator. Gumamit ng mga cooler na may yelo kung kinakailangan.
- Gumamit ng generator sa labas lang, hindi bababa sa 20 talampakan mula sa mga pinto at bintana. Sa loob ng bahay, maaaring makapatay ang nakakalasang tambutso nito sa ilang minuto.
- Pumunta sa isang lugar sa komunidad na may kuryente kung matindi ang init o lamig. Sa pinalawig na mga pagkawala ng kuryente, tawagan ang iyong lokal na county para maghanap ng mga lokasyon ng silungan. Pinaglilingkuran ng mga pampublikong matutuluyan ang lahat at hindi ito maaaring humingi ng ID. May ilang matutuluyang mas mahusay na mapaglilingkuran ang mga taong may kapansanan o alagang-hayop.
- Tingnan kung may kuryente ang mga kapitbahay, kaibigan, o kapamilya at tanungin kung puwede kang manatili doon - o ialok ang iyong bahay kung mayroon kang kuryente at wala ang iba.

